REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

Hulyo 1, 1999

OFFICE OF THE SECRETARY

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 274 , s. 1999

SEMINAR-WORKSYAP SA WIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Punong Rehyon
Tagapamanihala ng Paaralan
Puno ng mga Paaralang Sekundarya at Elementarya,
Pribado at Pampubliko

1. Ang Panrehyong Sentro sa Wikang Filipino ng Rehyon VI na nasa West Visayas State University sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Wikang Filipino ay magdaraos ng Seminar-Worksyap sa Wikang Filipino na gaganapin sa Audio-Visual Hall/Cultural Center ng West Visayas State University sa Agosto 25-27, 1999.

2. Ang magiging pangkalahatang paksa ng Seminar-Worksyap na ito ay "Taon 2000: Pokus sa Pagpapahalaga at Pagpapataas ng Antas ng Kakayahang Pang-akademiko ng mga Guro sa Filipino sa Buong Bansa."

3. Ang layunin ng seminar na ito ay ang mga sumusunod:

a) Pagkilala at pagpapahalaga sa kakayahang pang-akademiko ng mga guro sa Filipino;
b) Maipakikita ang mga angking talino at pagkamalikhain ng mga guro sa Filipino sa larangan ng pagtuturo at pananaliksik;
k) Magkakaroon ng kasanayan sa pagbuo o paglikha ng mga kagamitang pangpagtuturo na tunay na angkop sa kalagayan, pangmalas at pangangailangan ng mga mag-aaral.

4. Ang inaasahang dadalo sa seminar-worksyap na ito ay ang mga panrehyon at pansangay na superbisor/tagapag-ugnay sa Filipino sa mga paaralang sekundarya, mga puno ng kagawaran sa Filipino, at mga piling guro sa Filipino sa elementarya at sekundarya.

5. Ang rehistrasyon ay ISANG LIBO AT LIMANG DAANG PISO (P1,500.00) para sa seminar kit, pagkain (pananghalian at anim na meryenda), sertipiko, at

honorarya sa mga ispiker. Pinahihintulutan ang pagdalo sa opisyal na oras lamang at sa pasubaling ito ay hindi makakaabala sa regular na takbo ng klase.

6. Kalakip nito ang programa ng mga gawain para Enklosyur Blg. 1. para sa karagdagang impormasyon, makipag-alam lamang sa mga sumusunod:

Dr. Francisca T. Borja
Pangalawang Direktor
Panrehyong Sentro ng Wikang Filipino
West Visayas Visayas State University
La Paz, Iloilo City

Prof. Elena S. Trinidad
Propesor sa Filipino
West Visayas State University
La Paz, Iloilo City

7. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

ANDREW GONZALEZ, FSC
Kalihim

Sanggunian: W a l a
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa::

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS